

# Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho



## Dito Nagsisimula ang Pag-iwas

*Binibigyan ng Batas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Occupational Health and Safety Act) ng Ontario ng mga karapatan ang mga manggagawa. Nagtatakda ito ng mga tungkulin para sa mga employer at manggagawa upang makapagtulungan sila upang gawing mas ligtas ang mga lugar na pinagtatrabahuhan.*

### ➤ Pagbutihin ang Kalusugan at Kaligtasan:

- **Alamin** ang tungkol sa iyong Pinagsamang Lupon sa Kalusugan at Kaligtasan o Kinatawan sa Kalusugan at Kaligtasan.
- **Makipag-usap** sa iyong employer, supervisor, mga manggagawa, pinagsamang lupon sa kalusugan at kaligtasan o kinatawan sa kalusugan at kaligtasan hinggil sa mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan.

### Tawagan ang Ministry of Labour sa 1-877-202-0008

I-ulat ang mga malalang pinsala, pagkamatay, pagtanggig sa trabaho anumang oras.

Impormasyon sa kalusugan at kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan, Lunes hanggang Biyernes 8:30am – 5:00pm.

Emergency? Palaging tumawag agad sa 911.

### Makaalam ng higit pa:

[ontario.ca/healthandsafetyatwork](http://ontario.ca/healthandsafetyatwork)



© Queen's Printer for Ontario

Ministriya ng Pagtatrabaho  
ISBN 978-1-4435-9552-0 (Print)  
ISBN 978-1-4435-9553-7 (PDF)

June 2012

### ➤ May karapatan ang mga manggagawa na:

- **Malaman** ang tungkol sa mga peligro sa lugar na pinagtatrabahuhan at ano ang gagawin tungkol sa mga ito.
- **Makilahok** sa paglutas ng mga problema sa kalusugan at kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan.
- **Tanggihan** ang trabahong sa palagay nila ay hindi ligtas.

### ➤ Dapat gawin ng mga manggagawa na:

- **Sumunod** sa batas at sa mga patakaran at pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan.
- **Magsuot** at **gumamit** ng pamprotektang kagamitang hinihiling ng kanilang employer.
- **Magtrabaho** at **kumilos** sa paraang hindi nila masasaktan ang kanilang sarili o sinupaman.
- **Mag-ulat** ng anumang mga peligro o pinsala sa kanilang supervisor.

***HINDI dapat gumawa ng pagkilos ang mga employer laban sa mga manggagawa dahil sa pagsunod sa batas at pagsasabi ng mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan.***

### ➤ Dapat gawin ng mga employer na:

- **Tiyaking** alam ng mga manggagawa ang tungkol sa mga peligro at panganib sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon, tagubilin at superbisyon hinggil sa pagtatrabaho nang ligtas.
- **Tiyaking** alam ng mga supervisor kung ano ang kailangan upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa habang nagtatrabaho.
- **Lumikha** ng mga patakaran at pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan.
- **Tiyaking** sinusunod ng lahat ang batas at ang mga patakaran at pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan.
- **Tiyaking** isinusuot at ginagamit ng mga manggagawa ang tamang pamprotektang kagamitan.
- **Gawin ang lahat** ng makatuwiran sa mga pagkakataon upang maprotektahan ang mga manggagawa mula sa pagkakaroon ng pinsala o pagkakaroon ng sakit na nauugnay sa trabaho.

### ➤ Dapat gawin ng mga supervisor na:

- **Sabihin** sa mga manggagawa tungkol sa mga peligro at panganib, at **tumugon** sa kanilang mga alalahanin.
- **Ipakita** sa mga manggagawa kung paano magtrabaho nang ligtas, at **tiyaking** sumusunod sila sa batas at sa mga patakaran at pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan.
- **Tiyaking** isinusuot at ginagamit ng mga manggagawa ang tamang pamprotektang kagamitan.
- **Gawin ang lahat** ng makatuwiran sa mga pagkakataon upang maprotektahan ang mga manggagawa mula sa pagkakaroon ng pinsala o pagkakaroon ng sakit na nauugnay sa trabaho.